9. Mga Buwis

Ang buwis ng Lungsod ay ginagamit upang maipagawa at mapanatiling maayos ang Lungsod.Ang buwis ay napupunta sa pagpapaganda ng Lungsod para makapamuhay ng maganda ang mga mamamayan nito. Ang buwis ay ginagamit sa iba't ibang paraan upang matulungan ang ating lipunan.Ang klase ng buwis at ang panahon ng pagbabayad ay makikita sa ibaba, pagsikapan na makapag bayad sa itinakdang araw.

(1)Buwis ng Distrito at Munisipyo para sa paninirahan

Tuwing Enero 1 ng bawat taon, ang buwis sa iyong paninirahan sa iyong tinitirahan ay sisingilin ayon sa iyong kinita sa nakaraang taon. May pagkakataon na walang sisingiling buwis ayon sa halaga ng kinita. Kailangan na mag sumite ng deklarasyon bawat taon may kinita man o wala.

(Pagpuwera ng estudyante sa pagbabayad ng buwis)

Hindi sisingilin ang buwis kapag nagsumite ng Tax-exemption para sa kita sa trabahong part-time na higit sa 930,000 Yen at mababa naman sa 1,300,000 Yen.

1) Buwis ng Distrito at Munisipyo para sa paninirahan (ordinaryong koleksyon)
Flat rate (kintou wari) (Buwis ng Distrito 1,000 Yen/ Buwis ng Munisipyo 3,000 Yen) at rate ayon sa kinita (Halaga ng kita - halaga ng tax deduction)x rate ng buwis－tax credit＝Halaga ng buwis para sa kinita), kailangan na bayarang ang kabuuang halaga nito 4 na beses sa 1 taon sa mga buwan ng Hunyo/Agosto/Oktubre at Enero ng susunod na taon.

2) Buwis ng Distrito at Munisipyo para sa paninirahan (Espesyal na koleksyon)
Katulad din ng ordinaryong koleksyon, kailangan bayaran ang kabuuang halaga ng flat rate (kintou wari) at rate ayon sa kinita.

Ang panahon ng pagbabayad ay mula Hunyo hanggang Mayo ng susunod na taon,babawasin ang halaga nito sa iyong suweldo ng 12 beses.

(2) Buwis para sa magagaang sasakyan (Light Vehicle Tax)

Ang may ari ng motorsiklo at sasakyan ay papatawan ng buwis tuwing Abril 1 ng bawat taon. Kung magpapalit ng pangalan ng may-ari, ipa-rehistro ito sa loob ng 15 na araw, kung nais naman na itigil ang pag mamay-ari sa sasakyan, ipaalam ito sa Tax Section sa loob ng 30 araw matapos na itigil ang paggamit sa sasakyan.

Para sa karagdagang detalye tumawag sa saumusunod:

Munisipyo ng Lungsod ng Fukuchiyama,Tax Section TEL24-7024.